**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |**Volume1|Issue 3 AUGUST 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Mga Gawaing Pangklasrum sa Pagpapataasng Antas ng Kasanayang Pambalarila ng mga Mag-aaral sa Baitang Pito ng Aplaya National High School Annex I APEX

Dr. Marion C. Laguerta
Assistant Professor
Polytechnic University of the Philippines
Email: [mcllaguerta@gmail.com]

**Abstract**

This study aimed to determine the effectiveness of classroom activities in enhancing the grammatical skills of Grade 7 students at Aplaya National High School Annex I APEX. Using a experimental method, the study involved 60 participants selected through match pairing. Prepared activities focused on grammar such as usage of ng/nang, raw/daw, degree of comparison of adjectives, and verb tense. Statistical results revealed a significant improvement in students who were exposed to designed activities compared to those who followed regular classroom practices. The study supports the use of creative and context-based classroom grammar activities in improving student performance.

*Keywords: Grammatical Skill, Classroom Activities, Filipino Language Instruction, Grammar Intervention, Grade 7 Learners*

## INTRODUCTION

Ang edukasyon ay pundasyon ng pag-unlad. Lalo na sa larangan ng wika, mahalaga ang pagkakaroon ng mataas na kasanayang pambalarila upang makamit ang mabisang komunikasyon.  Ayon nga sa pag-aaral ni Badayos (2009), mahalaga ang paggamit ng pedagohiya sa pagtuturo upang maging epektibo ang pagtuturo sa pagkakatuto ng mag-aaral.

At sa kabila ng pagsusumikap ng mga guro sa pagtuturo, nananatiling mababa ang marka ng mga mag-aaral sa aspektong ito lalo sa usaping gramatika. Batay nga sa pre-test ng Aplaya National High School nasuri na mababa ang kaalamang gramatika ng mga mag-aaral.

Kaya naman nilalayon ng pananaliksik na ito na makabuo ng mga

gawaing pampagtuturo na makatutulong sa pagpapataas ng antas ng kasanayang pambalarila ng mga mag-aaral.

Ang paglinang ng kasanayang pambalarila ay isang pundasyon ng epektibong pagkatuto. Batay pag-aaral ni Belvez (2010) kinakailangan ang mga mag-aaral ay marunong sa paggamit ng tamang estruktura ng wika lalo na kaayusang balarila, wastong gamit ng salita at mauugnay sa gramtika ang panitikan upang higit ang masuri ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng makabagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan ng pagkatuto, nananatili ang pangangailangan na mapaunlad ang kasanayang ito lalo na sa mga mag-aaral sa unang taon ng sekondarya. Ang kahusayan sa gramatika ay hindi lamang para sa pagsusulit kundi para sa epektibong pakikipagtalastasan na isang mahalagang kasanayan sa hinaharap ng mga mag-aaral. Ito ay sinang-ayunan ni Badayos (2011) na isinasaad na ang wika ay kasangkapan sa paghahatid ng kaalaman at wastong gramtika ay nagtitiyak sa bisa at linaw ng mensahe.

Kung kaya't ang mga guro sa Filipino ay patuloy na naghahanap ng mga estratehiya na magpapataas sa antas ng partisipasyon at pagkatuto ng kanilang mga estudyante, At isa ang mga inihandang gawaing pampagtuturo ay nagiging mahalagang sandigan upang maging batayan para sa pagkatuto ng mag-aaral sa gramatika. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na interaktibo, kolaboratibo, at kontekstuwal, mas napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

**OBJECTIVES OF THE STUDY**

1.Matukoy ang mga kasanayang pambalarila na kinakailangang paunlarin batay sa pre-test results.

2.Makabuo ng mga makabuluhang gawaing pampagtuturo batay sa komunikatibong dulog.

3. Masuri ang epekto ng mga gawaing ito sa pagkatuto ng mag-aaral.

4.Mailahad kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pambalarila ng mga mag-aaral na gumamit ng inihandang gawain at ng mga gumamit ng pangkaraniwang gawain.

**METHODOLOGY**

Gumamit eksperimenal pananaliksik upang masuri ang pagbabago ng grado ng mag-aaral batay sa gamit na makabagong gawain. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pre-test at post-test sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na angkop

ang disenyong ito upang matukoy ang pagbabago sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kabuuang kalahok mula sa dalawang seksyon ay animnapu (60) sa pamamagitan ng mababang grado mula sa unang markahan.

## RESULT AND DISCUSSION

**Talahanayan 1**

**Kabuuang Resulta ng Pagsusulit**

| Test Type | Group | Mean Score | t-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Pre-test | Inihandang Gawain | 20.67 | 0.000 | No significant difference |
| Formative Test | Inihandang Gawain | 89.27 | 22.21 | Significant |
| Formative Test | Pangkaraniwang Gawain | 71.21 | - | - |
| Post-test | Inihandang Gawain | 87.6 | 14.998 | Significant |
| Post-test | Pangkaraniwang Gawain | 71.13 | - | - |

Ang paunang pagsusulit ay nagpakita ng magkapantay na antas ng kasanayan (Mean = 20.67). Sa formative at post-test, ang pangkat na gumamit ng inihandang mga gawain ay nakapagtamo ng mas mataas na mean score (Formative Mean = 89.27; Post-test Mean = 87.6) kumpara sa kontroladong grupo (Formative Mean = 71.21; Post-test Mean = 71.13). Ipinakita ng t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta, kaya't mas epektibo ang inihandang mga gawain

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig ng mas mataas na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na sumailalim sa mga inihandang gawaing pampagtuturo. Ang paggamit ng mga contextualized activities na nakabatay sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral ay nakatulong upang mas madali nilang maunawaan ang mga konseptong gramatikal. Bukod dito, naging mas aktibo ang kanilang pakikilahok sa klase at naging mas bukas sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman. Ipinakita rin sa obserbasyon ng guro ang pagtaas ng motibasyon ng mga mag-aaral na sumailalim sa eksperimento. Ang positibong epekto na ito ay maaaring iugnay sa pagiging makabuluhan at kawili-wili ng mga gawaing isinagawa. Sa kabuuan, nagpapakita ito ng pangangailangan na paunlarin pa ang disenyo ng kurikulum upang higit na makaangkop sa tunay na kalagayan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.

**Talahanayan 2**

**Paghahambing sa Pres-test ng gumamit at hindi gumamit ng inihandang gawain/pagsasanay sa kasanayang pambalarila**

| Pangkat | Mean | Mean Diff. | T-Value | df | P-Value | Decision |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental (gumamit) | 41.33 | .000 | .000 | 58 | 1.000 | Walang makabuluhan pagkakaiba |
| Tradisyunal (hindi gumamit) | 41.33 | | | | | |

Batay sa talaan, naipakita ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa natamong antas ng kasanayang pambalarila ang mga mag-aaral na gumamit at hindi gumamit ng mga inihandang gawain o pagsasanay, sapagkat walang ipinagkaiba ang mean score na 41.33 dahil ito ay sinadya na nagmula sa match pairing na isinagawa sa 200 mag-aaral na naging 60 mula sa apat na seksyon na may pare-parehong iskor lamang.

**Talahanayan 3**

**Paghahambing sa pagkakaiba ng scoring ng Pre-test at Post test ng eksperimental o gumamit ng inihandang gawain/pagsasanay**

| Pagsusulit | Mean | Mean Diff. | T-Value | df | P-Value | Decision |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 20.67 | -23.13 | -42.198 | 29 | .000 | Makabuluhan |
| Post test | 43.8 | | | | | |

Makikita sa talahanayan blg. 3, ang pagkakaiba ng nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test sa ikatlong markahan.

Ang t-value na - 42.19 ay nagpapakitang may makabuluhang pagkakaiba sa natamong antas ng kasanayang pambalarila ang mga mag-aaral na gumamit ng mga inihandang gawain/pagsasanay na may mean difference na - 23.13. Ipinahihiwatig nito na malaki ang naitulong ng inihandang gawain/pagsasanay sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasanayang pambalarila

**Talahanayan 4**

**Paghahambing sa pagkakaiba ng scoring ng Pre-test at Post test ng tradisyunal o hindi gumamit ng inihandang awain/pagsasanay**

| Pagsusulit | Mean | Mean Diff. | T-Value | df | P-Value | Decision |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 20.67 | -15.367 | -28.165 | 29 | .000 | Makabuluhan |
| Post test | 36.03 | | | | | |

Ipinahihiwatig ng talahanayan blg. 4, ang pagkakaiba ng nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test sa ikatlong markahan.

Ang t-value na - 28.165 ay nagpapakitang may makabuluhang

pagkakaiba sa natamong antas ng kasanayang pambalarila ang mga mag-aaral na hindi gumamit ng mga inihandang gawain/pagsasanay na may mean difference na - 15.367. Ipinahihiwatig nito na kahit hindi gumamit ng inihandang gawain/pagsasanay sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasanayang pambalarila ay may magaganap na pagbabago, ngunit hindi kasinlaki ng pagbabagong nagaganap sa eksperimental.

**Talahanayan 5**

**Paghahambing sa pagkakaiba ng scoring ng Post test ng eksperimental o gumamit at tradisyunal o hindi gumamit ng inihandang gawain/pagsasanay**

| Pangkat | Mean | Mean Diff. | T-Value | df | P-Value | Decision |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental (gumamit) | 87.6 | 16.46 | 14.998 | 58 | .000 | Makabuluhan |
| Tradisyunal (hindi gumamit) | 71.13 | | | | | |

Makikita na ang pagkakaiba ng nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panghuling pagsusulit sa ikatlong markahan. Ang t-value na 14.998 ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang iskor ng mga mag-aaral sa post test na gumamit ng inihandang gawain/pagsasanay sa kasanayang pambalarila at sa mean difference 16.46 malinaw na ipinahihiwatig nito na malaki ang naitulong ng inihandang gawain/pagsasanay sa malawakang pagkatuto sa kasanayang pambalarila ng mga mag-aaral

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Sa pag-aaral na ito naipakita na may makabuluhang pagkakaiba sa natamong antas ng kasanayang pambalarila ang mga mag-aaral na gumamit at hindi gumamit ng mga inihandang gawain/pagsasanay sa performans ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa asignaturang Filipino sa ikatlong markahan.

## RECOMMENDATION

1. Iminumungkahi na ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat idisenyo alinsunod sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.
2. Makabubuting magsagawa pa ng karagdagang pananaliksik sa iba pang kasanayang pangwika tulad ng pagbasa, pagsulat, at pakikinig

3. Iminumungkahi ang pagpapalawak ng paggamit nito sa mas mataas na antas.
4. Maaaring gamitin ang mga gawaing ito bilang modelo sa pagbuo ng iba pang instructional materials sa Filipino

## REFERENCES

Badayos, Paquito B. 1999. *Metolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya. Simulain at Teorya*. Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation

Belvez, Paz M. Kalinangan *Workteks sa Filipino para sa Hayskul*, P. Florentino St. Sta. Mesa, Quezon City: Rex Bookstore Inc. 2010

Bernales, Rolando A. *Komunikasyon sa Makabagong Panahon,* Mutya Publishing House Inc. Valenzuela City, 2006